Lovestruck

Singles Edition



Ronald Molmisa

OMF Literature Inc.
Manila, Philippines

All Scripture quotations, unless otherwise stated, are taken from the *Good News Bible: Today's English Version 2nd edition*. *GNB*.
Copyright © 1992 by The American Bible Society.
Used by permission. All rights reserved.

LOVESTRUCK: Singles Edition
Copyright © 2012 by Ronald Molmisa

Cover design by Nixon Na
Typesetting by Marianne C. Ventura

Published (2012) in the Philippines by
OMF Literature Inc.
776 Boni Avenue
Mandaluyong City, Metro Manila
www.OMFLit.com

Also available as an eBook

ISBN 978-971- 009-198-0

Printed in the Philippines

Contents

Pasasalamat

Chapter 1 Sensationally Single *9*

Chapter 2 You Were Born this Way *23*

Chapter 3 Nanliligaw o Naliligaw? *34*

Chapter 4 Usapang M.U.,
First Moves at Online Romance *47*

Chapter 5 How Do I Love Thee?
Let Me Count the Ways . . . 58

Chapter 6 Love versus Zombies *75*

Chapter 7 Single and Ready to Mingle *94*

Chapter 8 Before You Say "I Do" *102*

Endnotes

Nakakataba ng puso ang mga komento at istoryang natanggap ko tungkol sa unang libro. Ang saya-saya dahil maraming librong nagulanit (dahil pinagpasa-pasahan), mga break-ups na nangyari (dahil naitama ang relasyon), mga taong binalikan ng self-esteem (dahil narealize nila na they have to move one after a break-up) at iba pang mga magagandang istorya. Hindi ko kailanman inakalang magkakaroon ako ng libro sa Bestselling Philippine publications list ng National Bookstore. Ang pangarap ko lang naman ay maipaabot sa maraming teenagers at singles ang nakalimutang prinsipyo ng pakikipagrelasyon: Relationships are meant to be permanent. Singles, therefore, should pursue physical, emotional and spiritual purity as they prepare for marriage. May mga tanong na hindi

nasagot ng unang libro. This sequel to the first book aims to address those things. Panahon na upang pagbigyan naman ang mga twenteens (21 years old and up) at eligible singles na may iba nang kinakaharap na mga isyu sa buhay.

Hindi ko puwedeng kalimutan ang mga taong naging bahagi ng proyektong ito. Busog na busog ako sa pagmamahal ng aking pamilya (Molmisa at Esteban) at maybahay na si Dearest Gigi, ang aking forever ka-Lovestruck. Saludo rin ako sa aking mga staff sa Generation 3:16 Ministries na patuloy na nagbibigay-lakas sa akin upang mas lalong abutin ang lahat ng kabataan. Malaking pasasalamat din sa mga aktibong nakikibahagi sa mga discussions sa Lovestruck Facebook Page (just type "LOVESTRUCK," all caps, sa search toolbar). As of July 2012, meron na itong more than 2,700 members. Hindi rin mapapasubalian ang pagtitiwala ng OMF Literature. Special mention para kay Ate Yna (OMF Publications Director) at sa matiyaga kong editor, si Miss Beng Alba. Hats off din ako sa OMF Marketing staff sa pangunguna ni Sir Aleks Tan. Talaga namang "to the highest level" ang promotional efforts para sa mga libro ko. Thankful din ako sa super creative na book cover designer na si Nixon Na.

Naging mabunga rin ang aking panayam sa mga kaibigan na sumusuporta sa aking ministry:

kay Tita Norma, Pastor Roni, Pastor Denton, Pastor Efren, GV Aquino, Ronald Patrocinio, Jonjon Bonso, Jeg Sangalang, Oliver Reyes, Mark Plaza, Minnie at Oliver Ogoc, Ate Rachel Manlapig, Mona Valconcha, Mighty Rasing, Kuya Caloy Diño, Atty. Gerald Soto at Ryan Thomas. Salamat din sa mga kabataan at dati kong mga estudyante na hindi nagdalawang-isip sumagot sa aking online interviews and surveys: Stephen Perlas, Ate Ellen Bernales, Arvin Buenaagua, Joseph Exiomo, Evangeline Fatalla, Monica Shiena Sagad, Danesa Viado, KC Masangkay, Symelin De Guzman at Rain Pipo. Naging makabuluhan rin ang aking diskusyon kasama ang magigiting kong high school batchmates: Josephine Ang, Jovanie Canon, Joyce at Julius Casambros, Christopher Billones, Ronald Santos, Jun Anave, Eduard Mamucod at Annalyn Panganiban.

Thank you sa inyong lahat!

chapter one

Sensationally Single

Being single doesn't necessarily mean you're available. Sometimes you have to put up a sign that says, "Do Not Disturb" on your heart.

-Anonymous

In a couples-crazed world, singles are often perceived as misfits and virtual outcasts. Ang tingin ng maraming tao ay parang may mali sa iyo, na maladjusted ang personality mo, kapag single ka pa. Meron kasing tinatawag na imaginary magic age, such as 18 or 21, na kapag tumuntong ka na sa edad na ito, kailangang meron ka nang significant other. If we follow this logic, dapat daw na by the age of 25, either may engagement/wedding ring ka na o may

inaalagaan ka nang cute na baby. Sa showbiz, pagtuntong mo ng trenta, puwedeng-puwede ka na sa mga mother roles. Dahil may biological clock ang mga babae, mas matindi ang pressure sa kanila para magkaroon ng BF. May inverse relationship kasi ang edad ng babae sa kanilang prospects na mapansin ng mga guys, na mas pipiliing makipag-date sa mas bata sa kanila.

Dahil sa pagdami ng singles, nag-boom ang online dating industry, dumami ang speed-dating events (ala one-minute love affair), dumagsa ang mga librong nagbibigay ng advice tungkol sa kung paano ka magkakaroon ng partner na pina-pangarap mo, tumaas ang sales ng mga romance pocketbooks, dumami ang travel packages for single backpackers, sandamukal ang discount sa mga discos at singles bar, at marami pang iba.

Tanggapin natin ang katotohanan na hindi lahat ng singles ay makakapag-asawa. Ibinigay na halimbawa ng Panginoon ang buhay ng mga "eunuch." They failed to marry either due to personal ***choice*** or unforeseen ***circumstances***. As Matthew 19:11–12 (NIV) reveals:"Not everyone can accept this word, but only those to whom it has been given. For there are eunuchs who were born that way, and there are eunuchs who have been made eunuchs by others — and there are those who choose to live like eunuchs for the

sake of the kingdom of heaven. The one who can accept this should accept it."

Ang mga "eunuch" (o "bating" sa Filipino) ay tagapaglingkod sa kaharian. In particular, sa mga kwarto at korte ng reyna at prinsesa sila nagsisilbi. Malaki ang sweldo ng mga eunuch kumpara sa ibang manggagawa. Hindi sila nakakapag-asawa dahil wala silang kakayahang magka-anak. Dumadaan sila sa castration (pagkakapon) para huwag maging banta sa hari kung sakaling matukso silang magkaroon ng sexual affairs sa reyna. Sa sinaunang mga Chinese dynasties, ginagamit ang castration para parusahan ang mga alipin o prisoners of war. Ganundin, meron ding mas ginustong maging "spiritual eunuchs" para maglingkod sa Diyos. Kabilang dito ang mga monghe, madre at pari. Kasama dito si Pablo na nagdesisyon na manatiling walang asawa dahil sa kanyang ministry. He considered singleness as a high calling. Alam niyang mas matutupad niya ang ipinapagawa sa kanya ng Panginoon bilang misyonero sa iba't ibang bansa.[1] Naibuhos niya ang kanyang panahon sa paglilingkod sa Panginoon dahil wala siyang pamilya na iniisip at inaalagaan.

PRESENTING. . . THE SINGLES

Sa ilang focus group discussions at surveys na ginawa ko, maraming singles aged 25 and above ang maibibilang sa anumang grupong ito. Hindi ko na isinama sa listahan ang mga namatayan ng asawa.

The Huwag-Na-Muna Squad

Sila ang talagang hindi pa qualified pumasok sa relasyon dahil wala pa sila sa tamang season ng kanilang buhay. Kailangan nilang unahin ang pag-aaral para makahanap ng maayos na trabaho. Madidistract lang sila ng romantic relationship kaya huwag na muna.

The Tsaka-Na-Breadwinner-Kasi-Ako-O-di-pa-Ako-Ready Group

Sa dami ng puwedeng gawin at responsibilidad sa buhay, sila ang nagdesisyon na i-delay ang pakikipagrelasyon o pag-aasawa. Kabilang dito ang mga nagtatrabaho at sumusuporta sa pamilya nila. Kailangan muna kasing magtapos si bunso sa college (e, nasa elementary pa lamang, whew!). Ang iba, gusto munang i-enjoy ang buhay binata/dalaga bago lumagay sa tahimik. They enjoy being single while others dream of having an established career. They wait "until the right one comes along."

The Uber Busy Cluster

Sila ang walang panahon para sa romantic endeavors. They are simply too busy to be in love. They work all day at pag-uwi sa bahay ay matutulog na lang. At dahil hanggang weekend ang trabaho, wala nang oras for socializing. At kung may nagyayayang makipag-date, mas pipiliin nilang umuwi ng bahay at magpahinga dahil sa sobrang stress sa trabaho.

The High Value Group

Mataas ang standards nila sa future partner. Ito ang mga pihikan. Dahil sa malaki ang sweldo, may lifestyle like the rich and famous, at kayang-kayang magpamilya anytime, gusto nila ng ka-partner na kapantay ng kanilang "halaga." They worked hard to establish a career and they will not easily give it up for a relationship that is not worth it.

The Wala Talaga Circle

Para sa mga babae, hindi dahil sa ginusto nilang maging single kundi dahil wala pa silang natatagpuan na bibihag sa kanilang puso. Inaakala din nilang lahat ng eligible men ay taken na. Ang counterpart naman nito sa mga lalaki ay ang "The Always Basted" clan. Bagsak sila sa lahat ng attempts na makuha ang matamis

na "Oo" ng mga babaeng kanilang dinigahan. Kaya ang iba nadi-discourage nang manligaw at unti-unti nang tinatanggap na maging "soltero" (bachelor) for life.

The Love Hurts Society

Sila ang mga ingat na ingat na ibigay ang kanilang puso. May mga bitter silang pinagdaanan sa pakikipagrelasyon. Some still suffer from loneliness and grief due to a break-up or loss of a loved one. O kaya naman ay naapektuhan sila ng masasamang karanasan sa pag-ibig ng kanilang mga kaibigan o mahal sa buhay. Kinandado at kinaha-de-yero ang puso. Nangangailangan sila ng matinding emotional rehabilitation. Sila lang ang nakakaalam kung kailan sila muling mai-inlove.

The Last Trip/Chance Passenger Clan

They are on the road to spinsterhood/bachelordom. Lampas na sila sa kalendaryo kaya nagmamadali na at umaasa na makakasama pa sila sa huling biyahe. Ang iba ay desperado na dahil stressed na sa kahihintay. Samantalang ang iba, chillax lang. Dumating man o hindi ang kanilang prince charming/princess, ayos lang.

The Single-blessed Assembly

Sila ang mga kumbinsidong hindi sila tinatawag para mag-asawa at magkapamilya. You may call them different names pero hindi sila apektado ng anumang panunukso. Kahit anong pagtatangka ng barkada na mag-reto ng potential partner sa kanila, dedma lang sila. Kayang-kaya nila harapin ang hassles ng pagiging single. They have discovered that being single is their destiny. At hindi nila pinagsisisihan iyon.

The At Iba Pa Group

Kasama rito ang mga pumipiling maging single dahil sa hindi sila naniniwala sa kasal (kaya hanggang cohabitation o live-in lang), may ibang pananaw at ugali ukol sa opposite sex (i.e. woman/man hater), o sadyang hindi pa kayang pumasok sa mas seryosong commitment. May mga tao ring walang kakayahang mag-asawa dahil sa kanilang pisikal na kalagayan (i.e. may "Down's syndrome," o kaya yung may certain disabilities or physical limitations that will make it impossible for them to marry). Marami pang dahilan na puwede nating ilista rito pero mauubos lang ang space ng libro.

FACING THE EMO PART OF BEING SINGLE

Hindi madali ang maging single. Marami kang sasagupaing mga multo na paulit-ulit kang bibisitahin lalo na kung nag-iisa ka na lang sa kwarto at anino mo na lang ang kasama mo.

Emotional Panic

Habang mabilis na nagpapalit ang araw sa kalendaryo, marami ang kinakabahan. Lalo na sa mga ladies, torture ang unti-unting pagdating ng kanilang biological expiration date. Hindi maiiwasang makaramdam ng inggit o frustration sa tuwing makakakita ng mga couples na sweet na sweet. Mas tumitindi ang pressure kapag sunod-sunod nang nag-aasawa ang mga kabarkada mo. Worried ka na maiwan ng biyahe ng bus. You also fear the shrinking pool of eligible men.

Loneliness

Kahit nakangiti ang ilan kapag tinanong mo kung OK sila, kadalasang kabaligtaran ang nararamdaman nila lalo na kung sila ay nag-iisa. Sa kabila ng tagumpay mo sa career, you miss having someone whom to share your victories with. You miss hearing the saccharine words and sweet nothings from a partner. Takot ang iba na tumandang dalaga/binata. Many even

contemplate on having a child without a husband. Mag-ampon na lang daw o dumaan sa *in vitro fertilization*. Pero mahirap naman ito kung gusto mo lang magkaanak for "instrumental" reasons — gagamitin mo pa ang bata para mapunan ang iyong kalungkutan.

Low Self-Esteem

Para sa mga taong nakapaligid sa iyo, hindi kumpleto ang anumang tagumpay na iyong matatamo kapag wala kang partner. Dito bumababa ang tingin ng maraming singles sa kanilang sarili. Kahit gaano sila kaganda, feeling nila sila na ang pinakapangit na tao sa buong mundo. Iniisip lagi na wala silang X factor na maaaring mapansin ng marami. Sa maraming pagkakataon, hindi nakakatuwa kung nagiging talk of the church/office ka at nagte-trending sa Twitter ang pangalan mo bilang most eligible bachelor/lady.

Uncertainty in Life's Direction

Dahil sa monotony, hindi mo alam kung saan papunta ang buhay mo. Your major question: What is the purpose of my life? Maraming singles ang nagiging self-absorbed dahil sarili lamang nila ang kanilang iniintindi. Kakabit nito ang feeling of aimlessness. Kaya, ang iba, sinusubukan ang iba't ibang bagay para lang

magkaroon ng kakaibang spice ang buhay (i.e. sexual activities).

Sexual Urges and Temptations

Single or married, hindi mo kayang pigilan ang raging hormones mo, lalo na if you are at the prime years of your life. The fact is, most singles, including Christians, masturbate periodically to release sexual tension.[2] Kakambal nito ang guilt at depression. It is difficult to pursue sexual purity due to pervasive sexual pressure and temptations. Madalas kasama ng singles ang mga more senior at married officemates nila. Hindi maiwasan na maging married-guy magnet ang mga dalaga. Ang resulta: Panay iwas sa mga nagpapapansin. They set boundaries all the time. Nakakapagod ang iwas nang iwas ha.

Relentless Social Pressure

Isa sa pinaka-nakakaasar na parte ng buhay-single ay ang sandamakmak na pagpuna, panunuya o panunukso mula sa mga taong nakapaligid sa iyo. Kahit ang mga simbahan ay madalas hindi supportive sa ideya na OK lang ang maging single. Kahit ang mga Singles' Ministries ay may subtle attempts to pressure its members to get married. Due to unwanted social pressure, many women settle for guys who are below their standards.

So, paano mo haharapin ang mga hindi matigil-tigil na tukso? Una, dedma ka lang. Never dignify the issue. Ngitian mo lang. Magsasawa rin sila. Pangalawa, you can confront them head-on. You must have the gentle audacity to say: "Hindi ko kailangan ng ka-partner para maging masaya!" Third, kung talagang nakakairita na ang mga panunukso, magdesisyon na umiwas sa mga taong nambubuska. Huwag nang pumunta sa mga lugar kung saan ikaw ang magiging target ng pang-aasar. Yan ay kung madali kang maapektuhan ng kanilang mga panunuya.

AS YOU WAIT . . .

The single life is not necessarily better or worse than married life, only different.[3] Anuman ang relationship status mo, may magandang plano ang Diyos para sa iyo.[4] Maraming bagay ang magagawa ng isang single na hindi na kayang gawin ng may-asawa o may-pamilya. Stop blaming yourself kung bakit ka single. At huwag na huwag maiinip sa paghihintay. Kung nasa plano ng Diyos na makapag-asawa ka, ang isang magandang love story ay isasakatuparan Niya at the right time. Lalo na kung hinahayaan mong si Lord ang maging Scriptwriter at Director ng buhay mo.

Maximize your freedom

Habang single, enjoy life. Dahil kapag uugod-ugod ka na, hindi mo na magagawa ang maraming adventures ng buhay. Mag-enrol sa graduate school, travel to different places, get involved in worthwhile socio-civic activities, among others. Develop healthy relationships apart from marriage. Marami akong kaibigan na fulfilled sa kanilang buhay kahit walang asawa. Natutunan kasi nila na maging malapit sa mga kaibigan at kamag-anak. Ipakita sa iba na masaya ang maging single; na hindi mo kailangan ng partner para masabing makulay ang buhay. Marriage is not the only remedy to loneliness, nor is it the whole purpose of life.

Develop your personality

Your identity should be complete before you enter into a relationship. Kung gagawin mong dahilan ang pakikipagrelasyon para mabuo ang pagkatao mo, masasanay kang umaasa sa iba para lumigaya. Kaya, ang marami, kapag iniwan ng BF/GF, halos magunaw ang mundo dahil isinandal sa ka-partner ang kaligayahan. Hone your skills and talents. Men and women are attracted to the member of the opposite sex who is talented. Build your self-confidence. Maraming naiinip kasi walang pinagkakaabalahan sa buhay.

Their energies are so focused on imagining how life will be better if they get married. Other things in their life seem dull. You should never be consumed by the idea that you need a woman/man in your life to feel complete.

Have an accountability group

Huwag mong isiping nag-iisa ka sa iyong struggle. Marami kayo. Hindi magiging malalamig ang Pasko at Valentine's Day mo kung marami kayong nagkakaisa at nagtutulungan. If you feel helpless, help other people. Nakakagaan ng feeling. You are not called to be grumpy everyday. Celebrate your singlehood with others.

Pursue purity

Katulad ng ibang spiritual disciplines, singles must know how to abstain from sexual activities. Iwasan ang panonood ng pornorgraphic films na magpupukaw ng malalaswang damdamin. Iwasang makipag-flirt sa opposite sex. Ibuhos ang panahon sa mga bagay na maglalayo sa iyo sa mga sexual thoughts. More importantly, ask God to sustain and provide for you. When God saw that Adam was lonely, ibinigay Niya si Eba.[5] God knows your deepest frustrations and struggles.

Never compare yourself with others

May iba kang tinatahak na landas sa buhay. Kung naka-focus ang paningin mo sa iba, lagi kang madidismaya dahil laging may makakalampas sa achievements, performance at kagandahan/kaguwapuhan mo.[6] This can lead to jealousy and envy. See yourself as God sees you. May unique purpose ang Diyos para sa iyo and He will surely fulfill His plans for your life according to His timetable.[7]

Find your happiness in the Lord

Kailangang hanapin natin ang tunay na kaligayahan sa Panginoon na Siyang unang nagmahal sa atin.[8] Siya lang ang tanging makakapagsabi sa iyo, "Hindi kita kailanman iiwan o pababayaan."[9] Sapat ang pag-ibig ni Lord. Sa Kanya , siguradong walang heartbreak. The Psalmist wrote, "Delight yourself in the Lord and He will give you the desires of your heart."[10] Let Him fill the hole in your heart that you think can only be filled by a significant other. Kung nasubukan mo nang kumonsulta sa mga radio DJs, psychologists at love gurus, subukan mo namang lumapit sa pinagmumulan ng tunay na pag-ibig.[11] If God is all you have, you have everything you need.